Written by Randy M. Matibag
Tuesday, 26 April 2011 02:51

Halina at makisaya sa Hambujan Festival sa bayan ng Dolores. Umpisa ng saya sa ika-28 2011ng Abril sa pamamagitan ng Misa sa ganap ng ika 7 ng umaga sa covered court ng munisipyo susundan ito ng parada mula munisipyo hanggang sa bayan para makilala natin ang taunang natatanging anak ng Dolores. Masasaksihan din natin sa gabi ang mga naggagandahang dilag ng bayan ng dolores sa pagpapamalas nila ng kanilang mga talento at ganda.

Sa pangalawang araw ng selebrasyon ika-29 ng Abril mapapalaro naman ang bawat isa sa mga katutubong palaro tulad ng palo sebo, tayakad at iba pa na ihihanda ng lokal ng pamahalaan ito ay gagawin mismo sa paligid ng munisipyo. Kung swerte naman sa Bingo huwag palalampasin ang naghihintay sa iyong mga premyo sa Binggo Bonanza na gaganapin sa Alcala covered court. At sa gabi ang pikahihintay ng mga gimikeros at gimikeras ang street party. Magdala lang ng konting pera pambili ng beer na maiinom at makinig at makisayaw sa magagaling na banda na handog ng San Miguel Beer.

Talagang huwag palalampasin ang ikatlong araw ng selebrasyo ika-30 ng abril magdala ng mga camera at video cam para makunan ang nag kukulayang mga costume at indak ng mga kalahok sa street dancing. Sa gabi masasaksihan natin ang pinahihintay ng lahat ang pag dedeklara ng mga nanalo sa street dancing at ang pinakahihintay na Search for Cleanest and Greenest Barangay sa Dolores.

HUWAG PALAMPASIN ANG OKASYONG ITO, HALINA SA MALINIS AT MAGANDANG BAYAN NG DOLORES! MAHALIN NATIN, ATIN ITO!